HealthPlan OF SAN MATEO
Healthy is for everyone

801 Gateway Boulevard, Suite 100
South San Francisco, CA 94080
tel 650.616.0050
fax 650.616.0060
tty 800.735.2929 or dial 7-1-1
www.hpsm.org

Agosto 29, 2025

Mga Mahal na Miyembro,

May mga kamakailang ulat na posibleng nalantad ng pederal na Mga Sentro para sa Mga Serbisyo ng Medicare at Medicaid (Centers for Medicare & Medicaid Services, CMS) ang ilang impormasyon ng miyembro ng Medi-CAL sa mga awtoridad ng immigration, kasama ang Department of Homeland Security. Nakikipag-ugnayan kami para magbigay ng malinaw na impormasyon at muling tinitiyak sa inyo ang tungkol sa inyong mga benepisyo sa pangangalaga ng kalusugan.

Mahalaga sa amin ang inyong privacy at pangangalaga sa kalusugan

Sa HPSM, isa sa mga pangunahin naming priyoridad ang pagprotekta sa inyong personal na impormasyon. Gusto naming malaman ninyo na:

- Hindi ibinahagi ng HPSM at inyong mga tagabigay ng serbisyo ang inyong personal na impormasyon sa mga awttoridad ng immigration.
- Kada buwan, bilang pagsunod sa pederal na batas, nagpapadala ang Departamento ng mga Serbisyo para sa Pangangalagang Pangkalusugan ng California (California Department of Health Care Services, DHCS) ng ilang partikular na impormasyon ng miyembro ng Medi-Cal sa CMS. Isa itong normal na bahagi ng proseso ng Medi-Cal. Kasama sa impormasyong ipinapadaa ng DHCS sa CMS ang inyong pangalan, address, petsa ng kapanganakan, Medi-Cal ID, at Social Security number (kung nagbigay kayo nito).

Hindi magbabago ang inyong mga benpisyo at pagiging kuwalipikado

Gusto naming tiyakin sa inyo na walang magbabago sa pagiging kuwalipikado o inyong mga benepisyo sa Medi-Cal sa ngayon.

Ang inyong mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan

Hinihikayat namin kayo na kumonsulta sa inyong doktor, punan ang inyong mga inireresetang gamot, at gamitin ang mga serbisyo sa pangangalaga sa kalusugan na kailangan ninyo at ng inyong pamilya. Nagbibigay rin kami ng mga opsyon sa virtual na pangangalaga na pinapayagan kayong makatanggap ng pangangalaga sa bahay o sa iba pang ligtas na lugar. Para alamin pa ang tungkol sa mga opsyon sa virtual na pangangalaga, sumangguni sa **www.hpsm.org/member/telemedicine** o tumawag sa amin sa **1-866-750-4776** (toll free) o sa **650-616-2133** (TTY: **1-800-735-2929** o i-dial ang **7-1-1**). Bukas ang mga Call Center tuwing Lunes hanggang Biyernes, mula 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m.

Kasama rin sa inyong coverage sa iniresetang gamot ng Medi-Cal ang mga serbisyo sa mail-order pharmacy para sa inyong kapakanan. Para alamin pa ang tungkol sa coverage para sa inireresetang gamot ng Medi-Cal RX at mga botikang tumatanggap ng Medi-Cal, pumunta sa **medi-calrx.dhcs.ca.gov**. O puwede kayong tumawag sa Customer Service Center ng Medi-Cal Rx sa **1-800-977-2273** o sa (TTY: I-dial ang **7-1-1**). Ihanda ang numero ng inyong Medi-Cal Benefits Identification Card (BIC) bago kayo tumawag.

Narito kami para sa inyo

Nauunawaan namin na puwedeng magdulot ng pagkabahala ang ganitong balita. Tandaan na narito ang HPSM para suportahan ka. Kung mayroon kayong mga tanong o kailangan ng karagdagang impormasyon, puwede kayong pumunta sa aming website o tumawag sa aming team ng Mga Serbisyo para sa Miyembro. Hinihikayat din namin kayo na tingnan ang website ng DHCS para sa mga kapaki-pakinabang na sanggunian at mga sagot sa mga madalas itanong sa **www.dhcs.ca.gov/keep-your-Medi-Cal/Pages/Medi-Cal-Immigrant-Eligibility-FAQs.aspx.**

Sa HPSM, naniniwala kaming dapat makatanggap ang lahat ng de-kalidad pero abot-kayang pangangalaga sa kalusugan. Nakatuon kaming protektahan ang inyong privacy at sinusuportahan kayo sa bawat hakbang.

Nagmamalasakit at gumagalang,

Health Plan of San Mateo